
4

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 4: Kaugnayan ng Lokasyon sa Heograpiya ng Pilipinas



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 4: Kaugnayan ng Lokasyon sa Heograpiya ng Pilipinas**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Flaviana Merciales
**Editor:** Jerry P. Ramirez
**Tagasuri:** Ana N. Calisura
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Edsel D. Doctama
**Tagapamahala:**

| | | |
|---|---|---|
| Gilbert T. Sadsad | : | Regional Director |
| Francisco B. Bulalacao Jr. | : | CLMD Chief |
| Grace U. Rabelas | : | Regional EPS In-Charge of LRMS |
| Ma. Leilani R. Lorico | : | Regional ADM Coordinator |
| Imelda R. Caunca | : | CID Chief |
| Marites B. Tongco | : | Division EPS In-Charge of LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 4: Kaugnayan ng Lokasyon sa Heograpiya ng Pilipinas

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Kaugnayan ng Lokasyon sa Heograpiya ng Pilipinas!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Kaugnayan ng Lokasyon sa Heograpiya ng Pilipinas!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Sa nakaraang modyul ay natukoy mo ang hangganan at lawak ng teritoryo ng Pilipinas. Sa modyul na ito palalawigin mo ang iyong kaalaman tungkol sa ugnayan ng lokasyon ng Pilipinas sa heograpiya nito.

**Pamantayang Pangnilalaman**

Naipamamalas ang pang-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal gamit ang mapa.


**Pamantayan sa Pagganap**

Naipamamalas ang kasanayan sa paggamit ng mapa sa pagtukoy ng iba't ibang lalawigan at rehiyon ng bansa.

**Pamantayan sa Pagkatuto**

Pagkatapos mong basahin ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Nasusuri ang ugnayan ng lokasyon ng Pilipinas sa heograpiya nito. **(AP4AAB- Ig-h-10)**



Ano kaya ang heograpiya?
May epekto kaya ito sa sa
pag-unlad ng ating bansa?

## *Subukin*

Lagyan ng tsek (✓) kung ang pahayag ay tama at (×) naman kung mali. Isulat ang sagot sa sagutang papel:

_____1. Ang heograpiya ay pag-aaral ng katangiang pisikal ng lugar tulad ng lokasyon, hugis, sukat, lawak, klima, anyong-lupa, anyong tubig at iba pang pinagkukunang-yaman.

_____2. May magandang epekto sa pamumuhay ng mga Pilipino ang pagkakaroon ng maraming mga pulo na nagsisilbing daungan ng mga sasakyang pandagat.

_____3. Ang Pilipinas ay angkop para sa tanggulang lakas panghimpapawid at pandagat dahil mula sa bansa kitang-kita ang Hilagang Asya, Timog-Silangang Asya hanggang Timog-Kanlurang Asya o Gitnang-Silangan.

_____4. Ang mga bulkan sa Pilipinas gaya ng Bulusan at Bulkang Mayon ay malaking tulong sa pagpapataba ng lupang taniman.

_____5. Malaking tulong ang pagiging arkipelago ng Pilipinas dahil walang mga *smuggler* na nakakapasok sa bansa.

_____6. Ang heograpiya ng isang bansa ay mayroong mabuti at di-mabuting epekto sa mga mamamayan nito.

_____7. Ang lokasyon ng Pilipinas ay hindi-estratihekong daanan ng mga sasakyang pandagat at panghimpapawid.

_____8. Ang pagiging kapuluan ng Pilipinas ay hadlang sa mabilis na pakikipag-ugnayan sa buong kapuluan lalo na sa panahon ng kalamidad.

_____9. Hindi angkop na maging sentro ng komunikasyon, transportasyon at mga produktong pangkabuhayan ang Pilipinas sa Timog-Silangang Asya dahil sa ito ay isang arkipelago.

_____10. Dahil sa napakagandang lokasyon ng Pilipinas, maraming mga dayuhan ang nais makarating sa Pilipinas at manatili rito.

# Aralin 1 Kaugnayan ng Lokasyon sa Heograpiya ng Pilipinas



## *Balikan*

LETRA-BUSTER

Tukuyin ang sagot sa mga tanong gamit ang gabay titik sa unahan ng bawat tanong.

1. Anong T ang tumutukoy sa sukat ng lupaing sakop ng isang lugar?
2. Anong S ang naglalaman ng batas ukol sa teritoryo ng Pilipinas
3. Anong T ang bahagi ng kontinenteng kinabibilangan ng Pilipinas?
4. Anong P ang bumubuo sa arkipelago ng Pilipinas?
5. Anong A ang nakapaligid sa kapuluan ng Pilipinas?



## *Tuklasin*

HULAAN MO AKO!

Basahin ang mga pahayag at sagutan. Gamitin ang gabay na kahon at titik sa ibaba.

1. Tumutukoy sa pag-aaral ng katangiang pisikal ng lugar tulad ng lokasyon, hugis, sukat, lawak, klima, anyong-lupa, anyong tubig at iba pang pinagkukunang-yaman.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | E | | | R | | | | Y | |

2. Salitang naglalarawan sa heograpiya ng Pilipinas kung saan nagbunsod ito, na maging sentro ng komunikasyon, transportasyon, at mga produktong pangkabuhayan sa Timog-Silangang Asya.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| E | S | | R | | T | | | | | O |

3. Katangiang pangheograpiya ng Pilipinas na napaliligiran ng katubigan.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | | P | | L | | | N |

4. Tawag sa enerhiyang nakukuha mula sa mga bulkan.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| G | | O | T | H | | R | | | L |

5.Ang pagkakaruon ng maraming pulo ay nagbigay sa ating mga mangingisda ng malawak na _______.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | | N | | I | | | A | | N |

## *Suriin*

Ano ang Heograpiya?

Ito ay pag-aaral ng katangiang pisikal ng lugar tulad ng lokasyon, hugis, sukat, lawak, klima, anyong-lupa, anyong tubig at iba pang pinagkukunang-yaman. Ang kaugnayan ng mga ito sa pamumuhay ng tao ay kasama rin sa pinag-aaralan.

Ito ay isang mahalagang sangkap na nakakaapekto sa pag-unlad ng ekonomiya, politika at mga polisiyang militar.

Ano ang kahalagahan ng heoragpiyang panglokasyon ng Pilipinas?

- Ang lokasyon ng Pilipinas ay maganda at estratehikong daanan ng mga sasakyang pandagat at panghimpapawid kaya't naging sentro ng kalakalan sa Pasipiko at Asya sa larangan ng:
    1. Komunikasyon

2. Transportasyon at mga
3. Produktong pangkabuhayan sa Timog-Silangang Asya

- Ang Pilipinas ay angkop para sa tanggulang lakas panghimpapawid at pandagat dahil mula sa bansa, kitang-kita ang Hilagang Asya, Timog-Silangang Asya hanggang Timog Kanlurang Asya o Gitnang Silangan. Ito ang dahilan kung bakit matagal na panahong nanatili ang mga base militar ng America sa bansa gaya ng Clark Air Base sa Pampanga at Subic Naval Base sa Zambales. Sa mga base militar na ito tinipon ang mga sundalong Amerikano at mga armas pangdigma, noong makipagdigma ang America sa bansang Vietnam.

- Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig may kaugnayan ang lokasyon ng ating bansa sa digmaang ito. Dahil sa alitan ng mga Amerikano at Hapones, sinakop ng mga Hapones ang Pilipinas, at ito ay dahil sa paniniwala ng mga Hapones na ang “Asya ay para sa mga Asyano.” Ang Japan ay nasa Asya samantalang ang Amerika ay bansang kanluranin.

- Bago pa man dumating ang mga dayuhan, nadiskubre na ang kagandahan ng Pilipinas. Ang ating mga ninuno ay aktibo sa pakikipag-ugnayan sa mga karatig bansa tulad ng Tsina, Japan, India at Saudi Arabia. Ang pakikipag-ugnayang ito ang higit na nagpayaman at nagbigay kulay sa ating kultura gaya ng paniniwala, tradisyon, kaugalian at maging ang kasuotan at mga pagdiriwang.

- Sa kasalukuyan ang ating pinakamahalagang rutang pangkalakalan ay ang mga daungan ng barko para sa ating kalakalan sa Pasipiko patungo sa mga bansa sa Timog-Silangan.

- Ang Ninoy Aquino International Airport (NAIA) na pandaigdig nating paliparan ay nagiging terminal ng mga sasakyang panghimpapawid na nagmumula pa sa Timog Silangang Asya, Japan, United States, Australia at Europe.

Malaki ang epekto ng katangiang pang heograpiya o pisikal ng bansa. Ang pagiging arkipelago kung saan binubuo tayo ng maliliit at malalaking pulong hiwa-hiwalay, ay may maganda, at di-magandang naidudulot ito sa ating bansa. Lalong-lalo na sa larangan ng pag-unlad.

Narito ang ilan sa mga mabuti at di-mabuting epekto ng hegrapiyang pisikal ng bansa.

Mabuting Epekto:

- Marami tayong pulo na nagsisilbing daungan ng iba't ibang sasakyang pandagat.
- Malawak ang ating pangisdaan.
- Marami tayong mga magagandang baybayin na dinarayo ng mga turista.
- Ang pagkakaroon ng maraming bulkan gaya ng Bulkang Mayon at Bulusan sa Bicol ay nagpagkukunan natin ng enerhiya na kung tawagin ay "geothermal energy".
- Ang mga pagkakaroon ng maraming bulkan ay nakakatulong din sa pagpapataba ng lupa na mahalaga sa pagtatanim.
- Nagsisilbi rin itong atraksiyon sa mga turista na nagpapaunlad sa ating turismo.

Di- mabuting Epekto:

- Ang pagiging kapuluan ay malaking hadlang sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang bahagi ng bansa. Lalong lalo na kung tayo ay nasasalanta ng kalamidad. Mahirap makarating ang mga relief goods (tulong na ibinibigay ng pamahalaan at ibang ahensiya gaya ng pagkain, damit, at iba pa).
- Hindi rin naipapaabot agad ng mga mamamayan ang kanilang mga hinaing o suliranin sa pamahalaan lalo na yaong mga nasa liblib na lalawigan o kabundukan.
- Hindi rin lubos ang pagkakabuklod o pagkakaisa dahil sa iba't ibang wika.
- Sa ating mga baybayin marami tayong mga daungan na siya ring dahilan kung bakit maaaring may makapasok na mga smuggler (mangangalakal ng mga bagay na bawal gaya ng droga, pagkain, kagamitan at iba pa na hindi dumadaan sa tamang proseso ng pangangalakal) sa bansa.

- Dahil sa kakulangan ng maayos at sementadong daan at elektrisidad sa mga liblib o malalayong tagong lugar, nahihirapan ang ating pamahalaan na maiparating ang tulong pang kalusugan, pang-edukasyon, at pangkabuhayan sa mga lugar na ito.

## *Pagyamanin*

A. Lagyan ng **tsek** kung ang pahayag ay tama, at **ekis** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

_____1. Ang heograpiya ay tumutukoy sa pag-aaral ng katangiang pisikal ng lugar tulad ng lokasyon, hugis, sukat, lawak, klima, anyong-lupa, anyong tubig at iba pang pinagkukunang-yaman.

_____2. Ang heograpiyang lokasyon ay isang mahahalagang sangkap ng isang bansa na makakaapekto sa pag-unlad ng ekonomiya, politika, at mga polisiyang militar.

_______3. Ang heograpiya ay walang kinalaman sa pamumuhay ng mga mamamayan sa bansa.

_____4. Ang lokasyon ng Pilipinas ay maganda at estratehikong-daanan ng mga sasakyang pandagat at panghimpapawid kaya naging sentro ng kalakalan sa Pasipiko at Asya.

_____5. Mahalaga at malaki ang bahaging ginagampanan ng Pilipinas sa pandaigdigang kaligtasan dahil sa estratehiyang lokasyon nito na angkop sa pagdedepensa laban sa pananalakay ng mga bansa sa silangan.

B. Isaayos ang mga titik sa loob ng kahon upang matukoy ng maayos ang konsepto.

1. Katangiang pangheograpiya na nakakatulong sa pagpapataba ng lupa na mahalaga sa pagtatanim. Kung minsan naman ay nagiging sanhi ng pagkasira ng kabuhayan ng mga mamamayang nakatira malapit dito. Lalo na kung nagkakaroon ng pagsabog.

| ULKBAN |
|---|

2. Nakatutulong ang mga _______ ng barko sa daloy ng kalakalan ng bansa.

| AUGANDN |
| --- |

3. Dahil sa pagiging kapuluan, hindi lubos ang pagkakabuklod at pagkakaisa ng mga Pilipino. Ito ay sanhi ng pagkakaroon ng iba't ibang _____.


| AWIK |
| --- |

4. Isa sa mga katangiang pangheograpiya ng bansa ay ang pagkakaroon ng malalaki at malilit na pulo na hiwa-hiwalay. Ano ang tawag dito.

| GOLAPEKIAR |
| --- |

5. Marami tayong magagandang baybayin na dinarayo ng mga turista at Pilipino. Anong industriya ang pinauunlad nito

| RISMOTU |
| --- |



Nasiyahan ka ba na sagutan ang mga tanong? Galingan mo sa pagpapatuloy sa iba pang gawain.

## *Isaisip*

E-KONEK

Punan ng tamang salita ang puwang sa ibaba upang mabuo ang kaisipan. Pagkatapos kopyahin mo ang buong kaisipan sa iyong sagutang papel.

Ang ________ay tumutukoy sa pag-aaral ng ______ pisikal ng lugar tulad ng lokasyon, hugis, sukat, lawak, klima, anyong-lupa, anyong tubig at iba pang ____________.

Ang ________lokasyon ng ________ ay angkop sa _____ laban sa pananalakay ng mga bansa sa ________.

Ang Pilipinas ay isang ______ na binubuo ng malilit at _______pulo na ______, ito ay may maganda at di-magandang epekto sa ______ ng bansa.


arkipelago    katangiang    estratehiyang    bansa

Pilipinas    pag-unlad    malaking

pinagkukunang-yaman    Silangan    hiwa-hiwalay

heograpiya    pagdedepensa

## *Isagawa*



Magaling madali mong nasagutan ang mga pagsasanay. Ngayon ay humanda ka na sa susunod na gawain.


MY BAKIT LIST…

C. Hanapin mo ang tamang paliwanag sa mga katanungan sa bawat bilang. Piliin mo ang titik ng tamang sagot sa kahon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. Bakit naging sentro ng komunikasyon, transportasyon at mga produktong pangkabuhayan sa Timog-Silangang Asya ang Pilipinas? | 2. Bakit ang ilan sa ating paniniwala, tradisyon, pananalita, kaugalian, at maging mga kasuotan at mga pagdiriwang ay malaki ang pagkakahawig sa mga karatig bansa? | 3. Bakit mahalaga at malaki ang bahaging ginampanan ng Pilipinas sa pandaigdigang kaligtasan? | 4. Bakit tayo sinakop ng mga Hapones noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, samantalang iyon ay labanan sa pagitan ng Amerikano at Hapones? |

5. Bakit noong makipagdigma ang America sa Vietnam, sa Pilipinas nila tinipon ang mga sundalong Amerikano at mga armas militar bago ipadala sa Vietnam?

A. Dahil ang ating mga ninuno noon ay matagal nang aktibo sa pakikipag-ugnayan sa mga karatig-bansa tulad ng Tsina, Japan, India, at Saudi Arabia.
B. Dahil ang lokasyon ng Pilipinas ay maganda at estrahetikong-daanan ng mga sasaakyang pandagat at panghimpapawid at naging sentro ng kalakalan sa Pasipiko at Asya.
C. Dahil sa mga base militar na itinayo ng Amerika sa Pilipinas gaya ng Clark Air Base at Subic Naval Base.
D. Dahil sa paniniwala ng mga Hapones na ang “Asya ay para sa Asyano” hindi para sa mga bansang kanluranin.
E. Dahil sa estratehikong lokasyon nito na angkop sa pagdepensa laban sa pananalakay ng mga bansa sa Silangan.
F. Dahil mapagbigay ang mga Pilipino sa mga bansang kanluranin.



Natandaan mo ba ang mga epekto ng katangiang pangheograpiya ng bansa? Magaling! Ngayon ay subukan mo namang sagutin ang nakalaang gawain sa pagtataya.



## *Tayahin*

A. Suriin kung maganda o masama ang epekto ng ugnayan ng lokasyon sa heograpiya ng bansa. Lagyan mo ng masayang mukha (☺) kung maganda at malungkot na mukha (☹) kung hindi.

1. Ang pagkakaroong ng maraming pulo na nagsisilbing daungan ng mga sasakyang pandagat.
2. Dulot ng estratehikong lokasyon ng bansa ginawa itong kanlungan ng mga Amerikano noong ito ay nakidigma sa Vietnam dahil sa mga base militar na itinayo ng mga Amerikano dito.
3. Ang pagiging mabulkan ng bansang Pilipinas ay nagsisilbing malaking tulong sa hanapbuhay ng mga mamamayan dahil ito ay nagpapataba ng kanilang lupang taniman.
4. Ang Pilipinas bilang kapuluan ay maaaring hadlang sa mabilis na pakikipag-ugnayan sa buong kapuluan lalo na sa panahon ng kalamidad.
5. Dahil sa kapuluan ang Pilipinas, isa ito sa bansa na may mahabang baybayin na nagbibigay ng maraming pook pasyalan para sa mga Pilipino at maging sa mga banyaga.

B. Basahin ang mga sitwasyon na nasa ibaba. Hanapin ang kaugnay na paliwag nito sa mga bilog. Isulat ang titik ng iyong sagot.

A. Mahirap itong ipagtanggol sa mga kaaway o mananakop

B. Nagsisilbing daungan ng mga sasakyang pandagat.

C. Naging sentro ng kalakalan sa Pasipiko at Asya at tinawag na Pintuan ng Asya.

D. Nagpapataba ito ng lupa na napakahalaga sa pagtatanim.

E. Ito ay sinasabing nasa lokasyong insular.

Isang malaking tulong sa bansa ang pagiging nasa mabulkan nitong lokasyon dahil ______ (1.)

Maganda ang epekto sa pamumuhay ng mga Pilipino ang pagkakaroon nito ng maraming mga pulo dahil___( 2.)


Ang pagiging kapuluan ng Pilipinas ay isang malaking hadlang naman sa pag-unlad ng bansa dahil ____ (3.)

Ang lokasyon ng Pilipinas ay maganda at estratehikong-daanan ng mga sasakyang pandagat at panghimpapawid kaya _____(4.)

Ang Pilipinas ay napaliligiran ng iba't ibang bahaging tubig kung kaya ____ (5.)

## *Karagdagang Gawain*

Ibigay ang mabuti at di-mabuting epekto ng katangiang heograpiya o pisikal ng bansa gamit ang concept map.



# Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. /
2. /
3. /
4. /
5. x
6. /
7. x
8. /
9. x
10. /

Balikan

1. Teritoryo
2. Saligang Batas ng 1987
3. Timog-Silangang Asya
4. Pulo
5. Anyong tubig

Tuklasin

1. heograpiya
2. estratehiko
3. kapuluan
4. geothermal
5. pangisdaan

Payamanin

A

1. /
2. /
3. x
4. /
5. /

B


1. BULKAN
2. DAUNGAN
3. WIKA
4. ARKIPELAGO
5. TURISMO

C

1. B
2. A
3. E
4. D
5. C

**TAYAIN**

A

1.  2. .

3.  4 . 

5. 

B

1. D
2. B
3. A
4. C
5. E

**ISAGAWA**

1.B

2.A

3.E

4.D

5. C

KARAGDAGANG GAWAIN

Para sa kasagutan, balikan lang ang suriin.

**ISAISIP**

**IKONEK**

Ang heograpiyaay tumutukoy pag-aaral ng katangiang pisikal ng lugar tulad ng lokasyon, hugis, sukat, lawak, klima, anyong-lupa, anyong tubig at iba pang pinagkukunang-yaman.

Ang estratehiyang lokasyon ng Pilipinas ay angkop sa pagdedepensa laban sa pananalakay ng mga bansa sa Silangan.

Ang Pilipinas ay isang arkipelago na binubuo ng maliliit at malalaking pulo na hiwa-hiwalay, ito ay may maganda at di magandang epekto sa pag-unlad ng bansa

# *Sanggunian*

Cruz, Marites B. Gorobat, Julia T. Avelino, Norma C., Yaman ng Pilipinas 6 , 2010.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph